International Journal of Research Studies in Education
2026 Volume 15 Number 23, 219-237



Annotation strategy sa maunawaang pagbasa ng tula sa Filipino 8

Bayotlang, Irish I. ✉
Paknaan National High School, Philippines (irish.bayotlang@deped.gov.ph)

Received: 1 November 2026 **Revised**: 13 November 2026 **Accepted**: 18 November 2026
Available Online: 20 November 2026 **DOI**: 10.5861/ijrse.2026.26472

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Abstrak

Nilayon ng pag-aaral na ito na masuri ang epekto ng paggamit ng *Annotation Strategy* sa maunawang pagbasa ng tula sa Filipino 8. Layunin nitong matukoy kung nakatutulong ang estratehiyang ito sa pagpapahusay ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mahahalagang elemento at detalye ng tula, kabilang ang tema, paksa at mensahe; pagpapaliwanag sa mga pahiwatig, simbolo, talinghaga at larawang diwa; at pagsusuri sa mga elementong panlingguwistika tulad ng tugma, sukat, tayutay at tono. Gumamit ang pag-aaral ng *quasi-experimental* na disenyo, partikular ang *pre-test-post-test* na disenyo, na nilahukan ng 60 mag-aaral sa Baitang 8. Ginamit bilang instrumento ang mga pagsusulit na nakatuon sa tatlong pangunahing kasanayan sa maunawang pagbasa ng tula. Isinagawa ang interbensiyon sa pamamagitan ng *Annotation Strategy* kung saan tinuturuan ang mga mag-aaral na magmarka, magtala, magtanong, magbigay-kahulugan at magbigay ng reaksiyon sa mahahalagang bahagi ng binabasang tula.Ipinakita ng resulta na nagkaroon ng pagtaas sa pagganap ng mga mag-aaral sa tatlong kasanayan. Sa pagtukoy sa mahahalagang elemento at detalye ng tula, tumaas ang *mean* mula 79 sa paunang pagsusulit tungo sa 84 sa pagsusulit pagkatapos ng interbensiyon. Sa pagpapaliwanag ng pahiwatig, simbolo, talinghaga at larawang-diwa, tumaas ang *mean* mula 89 tungo sa 93. Samantala, sa pagsusuri ng mga elementong panlingguwistika, tumaas ang *mean* mula 63 tungo sa 75. Ipinakita rin ng *paired-samples t-test* na may makabuluhang pagkakaiba sa *pre-tes*t at *post-test* na pagganap ng mga mag-aaral sa tatlong kasanayan: $t = 3.16$, $p = .002$; $t = 2.53$, $p = .014$; at $t = 6.04$, $p < .001$. Dahil dito, tinanggihan ang *null hypothesis* at ipinakitang may makabuluhang epekto ang paggamit ng *Annotation Strategy* sa paglinang ng maunawang pagbasa ng tula. Bukod dito, lumitaw ang mataas na antas ng interes at retensiyon ng mga mag aaral, na nagpapahiwatig ng positibong epekto nito sa kanilang motibasyon at pagkatuto. Sa kabuoan, ang *Annotation Strategy* ay isang mabisang estratehiya sa pagtuturo ng tula sapagkat hinihikayat nito ang mga mag-aaral na maging aktibong mambabasa, mapalalim ang kanilang pag-iisip, at magkaroon ng mas sistematikong paraan ng pagkuha at pagsusuri ng mahahalagang detalye mula sa teksto.

Mga Susing-Salita: annotation strategy, maunawang pagbasa, tula, Filipino 8, quasi-experimental design

© The Author(s) / Attribution-ShareAlike CC BY-SA

Annotation strategy sa maunawaang pagbasa ng tula sa Filipino 8

1. Panimula

Ang pagbasa ay isang pundamental na kasanayang pang-akademiko na nagsisilbing saligan ng pagkatuto sa iba't ibang disiplina. Sa larangan ng asignaturang Filipino, higit na mahalaga ang kasanayang ito lalo na sa pag-unawa sa mga tekstong pampanitikan tulad ng tula. Ang tula bilang isang anyong pampanitikan ay nagtataglay ng masining na paggamit ng wika, simbolismo, tayutay, at masalimuot na estruktura na nangangailangan ng mas mataas na antas ng pag-unawa at interpretasyon. Gayunpaman, batay sa mga obserbasyon sa klase sa Filipino 8, maraming mag-aaral ang nahihirapang unawain ang malalim na mensahe at pahiwatig na nilalaman ng mga tula.

Sa implementasyon ng *K to 12 Curriculum ng Department of Education (2019),* binibigyang-diin ang paglinang sa *higher-order thinking skills*, kabilang ang kritikal at analitikal na pagbasa. Subalit, nananatiling hamon sa mga guro ang paghahanap ng angkop at epektibong estratehiya upang mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga tekstong pampanitikan. Isa sa mga makabagong estratehiyang pedagohikal na maaaring gamitin ay ang *annotation strategy,* isang teknik sa pagbasa kung saan aktibong nakikipag- ugnayan ang mag-aaral sa teksto sa pamamagitan ng pagmamarka, pagsulat ng tala, pagtukoy ng mahahalagang ideya, at pagbibigay ng sariling interpretasyon habang nagbabasa ng pampanitikang babasahin gaya ng tula. Ngunit, humaharap sa malaking hamon ang estado ng pagbasa saan mang dako ng daigdig. Batay sa mga internasyonal na pagsusuri tulad ng resulta ng *Programme for International Student Assessment (PISA) (2022),* patuloy na hinaharap ng Pilipinas ang hamon sa *reading proficiency* ng mga mag-aaral. Ang mababang antas ng literal at pag-unawa sa hinuha ay mas lalo pang nagiging komplikado kapag ang binabasa ay pampanitikan at may matalinghagang wika tulad ng tula.

Naobserbahan ng mananaliksik na noong taong panuruan 2024–2025, 50% ng mga mag-aaral sa ikawalong Baitang ng Paknaan National High School ay napabilang sa *Frustration Level sa Reading Comprehension*. Sa sampung katanungang inihanda at ibinigay ng guro sa mga mag-aaral, apat lamang ang nasagutan nang tama sa *Oral Verification Test (OVT)* na isinagawa noong Oktubre 2024. Sa isinagawang pagsusulit, ang bawat mag-aaral ay pinabasa nang isa-isa ng guro at binigyan ng mga katanungang may kaugnayan sa binasang tula. Ang gawaing ito ay nagbigay ng mahalagang batayan sa pagtukoy sa mga hamong kinaharap ng mga guro sa paglinang ng kakayahan ng mga mag-aaral sa maunawang pagbasa at kritikal na pag-iisip.

Ipinakita ng mga resultang ito ang pangangailangan para sa higit na angkop na mga estratehiya sa pagtugon sa mga hamon sa maunawang pagbasa, lalo na sa asignaturang Filipino. Ang mga natukoy na hamon sa pagbasa ay naging batayan ng mananaliksik sa pagpili at pagsusuri ng mga paraan at estratehiyang maaaring makatulong sa pagpapaunlad ng maunawang pagbasa. Sa kontekstong ito, pinag-aralan sa pananaliksik na ito ang *Annotation Strategy* bilang estratehiyang maaaring gamitin sa paglinang ng kasanayan sa maunawang pagbasa.

Nilayon nitong masuri ang kabuluhan at epekto ng paggamit ng *annotation strategy* sa maunawang pagbasa ng tekstong tula ng mga mag-aaral sa ikawalong antas ng Paknaan National High School tungo sa maunawang pagbasa. Pinili ng mananaliksik ang mga mag-aaral sa ikawalong baiting sapagkat ang *Grade 8* ay yugto ng transisyon mula sa mas literal na pagbasa (karaniwan sa elementarya at *lower junior high*) patungo sa mas analitikal at kritikal na pagbasa. Ang interbensiyon sa yugtong ito ay mahalaga sapagkat dito hinuhubog ang pundasyon ng mas mataas na kasanayan sa pagbasa na kakailanganin nila sa *Grade 9 at 10*. Napapalalim ang pag-unawa sa kahulugan ng tula sa pamamagitan ng *annotation*, naitatala ng mga mag-aaral ang mahahalagang ideya, pahiwatig, at simbolismo na matatagpuan sa tula. Dahil dito, mas nagiging malinaw ang mensahe at layunin ng akda. Sa tulong nito nahihikayat ang mga mag-aaral sa aktibong pagbasa, hindi lamang sila basta nagbabasa, kundi nakikipag-ugnayan sila sa teksto. Mahalaga ang *annotation strategy* sapagkat ito ay nagsisilbing gabay sa mga mag-aaral upang mas maayos nilang masuri ang mga elemento ng tula tulad ng tema, damdamin, at mensahe ng

makata na may maunawang pagbasa.

Layunin ng Pag-aaral - Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang bisa ng Annotation Strategy sa pagpapataas ng antas ng maunawang pagbasa ng tula ng mga mag-aaral sa Baitang 8. Tiyak na nilalayon nitong matukoy ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa maunawang pagbasa ng tula bago at pagkatapos mailapat ang *Annotation Strategy*, masuri kung may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pag-unawa at pagganap ng mga mag-aaral, at malaman kung gaano kabisa ang paggamit ng anotasyon sa pagtulong sa kanila na suriin, unawain, at bigyang-kahulugan ang mga talinghaga, tema, at mensahe ng mga tula. Bukod dito, hangarin din ng pag-aaral na makabuo at maghain ng isang iminumungkahing gabay sa pagtuturo o kagamitang pampagtuturo na nakatuon sa estratehiyang ito upang lalo pang mapabuti ang kasanayan sa pagbasa at pagtuturo ng panitikan sa asignaturang Filipino.

Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral - Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagsusuri ng bisa ng *Annotation Strategy* sa pagpapataas ng antas ng maunawang pagbasa ng tula sa asignaturang Filipino 8. Saklaw nito ang animnapung (60) mag-aaral sa Baitang 8 na nagsilbing kalahok sa pamamagitan ng *quasi-experimental* na disenyo gamit ang *pre-test* at *post-test*. Nakapokus ang saklaw ng pag-aaral sa tatlong pangunahing kasanayan: ang pagtukoy sa mahahalagang elemento at detalye ng tula (tema, paksa, at mensahe), pagpapaliwanag sa mga pahiwatig, simbolo, talinghaga at larawang-diwa, kasama na ang pagsusuri sa mga elementong panlingguwistika tulad ng tugma, sukat, tayutay, at tono. Limitado naman ang pananaliksik na ito sa mga napiling mag-aaral sa Baitang 8 at hindi saklaw ang iba pang baitang o iba pang genre ng panitikan maliban sa tula, gayundin ang iba pang estratehiya sa pagbasa na hindi kabilang sa anotasyon.

Kahalagahan ng Pag-aaral - Ang mga sumusunod na tao at institusyon ay makikinabang mula sa mga natuklasan ng pag-aaral na ito upang mapaunlad ang kasanayan sa maunawang pagbasa ng mga mag-aaral.

- **Sa mga Mag-aaral.** Makakatulong ang pag-aaral na ito upang mapalalim ang kanilang pag-unawa sa tula sa pamamagitan ng sistematikong paggamit ng *annotation strategy*. Mapauunlad nito ang kanilang kakayahan sa pagtukoy ng mahahalagang detalye, pahiwatig, at simbolismo, na mahalagang bahagi ng *higher-order thinking skills.*

- **Sa mga Guro sa Filipino.** Magiging gabay ang pag-aaral sa pagpili at paggamit ng epektibong estratehiya sa pagtuturo ng panitikan. Magkakaroon sila ng empirikal na batayan kung paano nakatutulong ang *annotation strategy* sa pagpapahusay ng makabuluhang pagbasa ng mga mag-aaral.

- **Sa mga Administrador.** Makikinabang ang mga administrador ng paaralan sa resulta ng pag-aaral na ito sapagkat magsisilbi itong batayan sa pagbuo at pagpapatupad ng mga programang pang-akademiko na nakatuon sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

- **Sa mga Mananaliksik sa Hinaharap.** Magiging batayan ang pag-aaral na ito para sa mga susunod pang pananaliksik na may kaugnayan sa estratehiya sa pagbasa, partikular sa paggamit ng *annotation strategy* sa pagtuturo ng panitikan sa sekondarya.

2. Metodolohiya

Disenyo ng Pag-aaral - Sa pag-aaral na ito, ginamit ng mananaliksik ang *Quasi-Experimental Research Design.* Ito ay isang uri ng disenyo ng pananaliksik na ginamit upang masukat ang epekto ng isang interbensiyon o estratehiya, ngunit hindi isinagawa ang ganap na random na pagpili o pagtatalaga ng mga kalahok sa mga pangkat. Ayon kina Donald T. Campbell at Julian C. Stanley (1963), ang ganitong disenyo ay iniangkop sa sitwasyong hindi naisagawa o hindi naging praktikal ang *randomization*, lalo na sa mga paaralan at silid-aralan. Sa pag-aaral na ito, ginamit ang disenyo upang masuri ang epekto ng *Annotation Strategy* sa maunawang pagbasa ng tula ng mga mag-aaral sa Filipino 8.

Ginamit ang disenyong ito sa pagsisiyasat sa mga datos upang masuri ang kabuluhan at epekto ng paggamit

ng *Annotation Strategy* sa pagtuturo ng maunawang pagbasa ng tula sa mga mag-aaral sa ikawalong baitang ng Paknaan National High School. Ipinamahagi ang kwestyuner tungkol sa mga tulang binasa bilang bahagi ng pauna at panghuling pagganap ng mga mag-aaral. Ang mga nalikom na datos sa pag-aaral ay sinuri gamit ang *statistical software*.

Binigyang-tuon sa pag-aaral ang pagsusuri sa mga piling kompetensi sa maunawang pagbasa tulad ng tinukoy ang mahalagang elemento at detalye ng tula; ipinaliwanag ang nakapaloob na pahiwatig, simbolo, talinghaga at larawang diwa (imahe sa tula) at sinuri ang mga elementong panlingguwistika ng tula gamit ang *annotation strategy*. Ginamit sa pagsusuri ang tatlong piling akdang pampanitikan na tula: Sa Kabataang Pilipino ni Jose Rizal, Pag-ibig sa Tinubuang Lupa ni Andres Bonifacio, at Katapusang Hibik ng Pilipinas ni Andres Bonifacio. Pinili ang mga tulang ito bilang mga tekstong ginamit sa pag-aaral sapagkat naging bahagi ang mga ito ng mga paksang pampanitikan na tinatalakay sa unang markahan ng Filipino 8.

Respondente ng Pag-aaral - Ang mga mag-aaral sa ikawalong baitang mula sa section ng grade 8- Diamond ng Paknaan National High School sa pampublikong paaralan ng Lungsod ng Mandaue City, Cebu, ang napili ng mananaliksik bilang respondente sa pag-aaral na isinagawa sa taong panuruan 2026-2027. Napili ang seksyong *grade 8- Diamond* na may 60 na mag-aaral bilang mga respondente ng pag-aaral dahil kabilang sila sa mga mag-aaral na kumuha ng asignaturang Filipino 8, na sumaklaw sa pag-aaral ng maunawang pagbasa ng tula. Itinuring na angkop ang kanilang antas sa layunin ng pananaliksik na masuri ang bisa ng *annotation strategy* sa pagpapahusay ng maunawang pagbasa. Bukod dito, batay sa paunang obserbasyon at resulta ng mga isinagawang gawain at pagsusulit, natukoy na ang mga mag-aaral ay nangangailangan ng higit pang pagpapalawak at pagpapaunlad ng kanilang kasanayan sa pagbasa, partikular sa pagtukoy sa mahalagang elemento at detalye; pagpapaliwanag sa nakapaloob na pahiwatig, simbolo, talinghaga at larawang diwa o imahe at pagsusuri sa mga elementong panlingguwistika ng tula. Dahil dito, sila ay itinuring na angkop na kalahok para sa interbensiyong isinagawa sa pag-aaral.

Instrumento ng Pag-aaral - Upang makalikom ng kinakailangang datos, gumamit ang mananaliksik ng dalawang pangunahing instrumento: (1) pagsusulit sa maunawang pagbasa ng tula at (2) *rubric* sa pagsusuri ng *annotation*. Ang pangunahing instrumento ng pag-aaral ay isang *teacher-made test* na binuo ng mga piling tula na angkop sa antas ng mga mag-aaral sa Filipino 8. Idinisenyo ang pagsusulit upang masukat ang antas ng maunawang pagbasa ng mga mag-aaral sa iba't ibang aspeto ng tula. Binubuo ito ng kabuoang *15 items* na *multiple choice* na isinagawa bilang paunang pagganap bago isinagawa ang paggamit ng *annotation strategy* at bilang panghuling pagganap matapos maisagawa ang interbensiyon. Gumamit din ang mananaliksik ng isang *analytical rubric* upang masukat ang kalidad ng *annotation* na ginawa ng mga mag-aaral sa eksperimental na pangkat. Ang rubrik ay nakatuon sa sumusunod na pamantayan: pagmamarka ng mahahalagang ideya, pagbibigay ng komento o repleksyon, pagtukoy ng simbolismo at pahiwatig, at organisasyon at kalinawan ng anotasyon. Ang bawat pamantayan ay binigyan ng iskor upang masukat ang antas ng kasanayan sa paggamit ng *annotation strategy.*

Upang matukoy ang nahinuhang epekto ng paggamit ng *annotation strategy* sa maunawang pagbasa ng tula ng mga mag-aaral, gumamit ang mananaliksik ng isang sarbey-kwestyoner *(Survey Questionnaire)* bilang instrumento sa pangangalap ng datos. Ang instrumentong ito ay binubuo ng dalawang pangunahing bahagi. Sa unang bahagi, nasukat ang antas ng interes ng mga mag-aaral sa pagbasa ng tula, samantalang sa ikalawang bahagi ay nasukat ang antas ng retensiyon ng mga mag-aaral bilang epekto ng paggamit ng *annotation strategy* sa kanilang maunawang pagbasa ng tula. Ang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos ay ang tatlong (3) akdang pampanitikan na napili bilang pangunahing materyal sa pag-aaral. Ang mga tulang ginamit ay naisulat sa mahahalagang panahon ng kasaysayan ng panitikang Filipino, partikular sa panahon ng Propaganda at Himagsikan. Ang "Sa Kabataang Pilipino" ni Dr. Jose Rizal ay tumalakay sa mahalagang papel ng kabataan sa pag-unlad at kinabukasan ng bansa. Ang "Pag-ibig sa Tinubuang Lupa" ni Andres Bonifacio ay tumalakay sa matinding pagmamahal sa bayan at kahandaang ipaglaban ito kahit kapalit ang sariling buhay. Samantala, ang "Katapusang Hibik ng Pilipinas" ni Andres Bonifacio ay tumalakay sa matinding pagdurusa ng Pilipinas sa ilalim ng pananakop at sa panawagan sa mga Pilipino na ipaglaban ang kalayaan.

Ang tatlong akdang pampanitikan ay iniangkop sa mga kompetensi na itinakda para sa unang markahan ng Filipino 8. Ang mga ito ay ginamit bilang pangunahing babasahin sa pagsasagawa ng mga gawaing nakatuon sa maunawang pagbasa ng tula gamit ang *annotation strategy*. Sa pamamagitan ng mga akdang ito, nasukat ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagtukoy sa mahahalagang elemento at detalye ng tula, pagpapaliwanag sa mga pahiwatig, simbolo, talinghaga at larawang diwa o imahe, at pagsusuri sa mga elementong panlingguwistika ayon sa tugma, sukat, tayutay at tono. Layunin ng paggamit ng mga tulang ito na masukat ang antas ng maunawang pagbasa ng mga mag-aaral, partikular sa pag-unawa sa nakapaloob na pahiwatig, simbolismo, talinghaga at larawang diwa ng teksto. Ang mga katanungan sa mga nabanggit na akda ay ibinatay sa tatlong kompetensi na tinasa sa isinagawang pag-aaral. Ang bawat kompentensi ay binubuo ng limang katanungan sa bawat akda. Ang mga katanungang ito ay nagsilbing batayan sa pagtukoy sa makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga respondente bago at pagkatapos ginamit ang *annotation strategy* sa pagtuturo ng maunawang pagbasa ng tula. Isinagawa ang *Annotation Strategy* habang binasa at sinuri ng mga mag-aaral ang bawat tula, kung saan naglagay sila ng mga tala, komento, at interpretasyon sa teksto. Ang mga anotasyong ito ay nagsilbing batayan sa pagtukoy sa pag-unlad ng kanilang kasanayan sa maunawang pagbasa bago at pagkatapos maisagawa ang interbensiyon.

Pamamaraan sa Paglikom ng Datos - Ang *transmittal letter* ay inihanda, naipasa, at naaprubahan ng punong-guro ng Paknaan National High School. Nakipag-ugnayan ang mananaliksik sa mga respondente at ipinaliwanag ang iskedyul at proseso ng pamamahagi, pagsagot, at pagbabalik ng mga talatanungan upang matiyak ang maayos na pangangalap ng datos. Naghanda ang mananaliksik ng tatlong (3) piling akdang pampanitikan na tula at mga kaugnay na gawain bilang instrumento sa pagsukat ng maunawang pagbasa. Isinagawa ang paunang pagsusulit (*pretest*) upang matukoy ang panimulang antas ng maunawang pagbasa ng mga mag-aaral bago ipinatupad ang *Annotation Strategy*. Matapos maisagawa ang pagsusulit, kinolekta at iwinasto ng mananaliksik ang mga sagutang-papel ng mga respondente bilang paghahanda sa kasunod na pagsusuri ng datos. Kasunod nito, ipinaliwanag at itinuro ng mananaliksik ang *Annotation Strategy*, kabilang ang mga simbolo, paraan ng pagmamarka, at pagbibigay ng komento o interpretasyon sa teksto. Tinalakay ang wastong paggamit ng estratehiya sa pagbasa at pagsusuri ng tula. Pagkatapos, ipinasagot sa mga mag-aaral ang talatanungan para sa panghuling pagganap gamit ang *Annotation Strategy*. Matapos itong masagutan, sinuri ng mananaliksik ang mga sagutang papel upang matiyak na walang aytem ang naiwang walang sagot. Kung may mga aytem na hindi nasagutan, hiniling sa mga respondente na kumpletuhin ang kanilang mga sagot. Sa huli, kinolekta at iwinasto ng mananaliksik ang mga sagutang papel para sa panghuling pagganap at inihanda ang mga ito para sa pagsusuri ng nakalap na datos. Panghuli, itinala ng mananaliksik ang mga nakuhang marka ng mga mag-aaral sa *Excel file*. Sinuri at binigyang-kahulugan ang mga nakalap na datos mula sa pauna at panghuling pagganap gamit ang angkop na *statistical tools* upang matukoy ang pagkakaiba sa pagganap ng mga respondente. Sinuri rin ng mananaliksik ang panghuling pagganap ng mga respondente matapos ilapat ang *Annotation Strategy*. Hinati ang pagpapatupad ng estratehiya sa tatlong yugto, na isinagawa nang sunod-sunod upang sistematikong malinang ang kasanayan ng mga mag-aaral sa maunawang pagbasa ng tula.

- **Unang Hakbang:** Bago ang Pagbasa *(Pre-reading Stage),* Unang Hakbang: Pagpapakilala sa Paksa at Layunin. Naipakilala na sa mga mag-aaral ang pamagat at may-akda ng tula bilang paghahanda sa pagtalakay sa teksto. Naipabatid na rin ang layunin ng pagbasa at ang mga tiyak na kasanayang inaasahang malilinang, partikular ang pagtukoy at pagpapaliwanag sa mga simbolismo, pahiwatig, at iba pang mahahalagang elemento ng tula.

- **Ikalawang Hakbang:** Pagpapagana ng Dating Kaalaman *(Activating Prior Knowledge).* Naiugnay na ng guro ang paksa ng tula sa dating kaalaman at karanasan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga inihandang gabay na tanong. Nasuri na rin ng mga mag-aaral ang pamagat ng tula at nakabuo na ng mga paunang hinuha hinggil sa posibleng paksa, mensahe, at kahulugan ng teksto.

- **Ikatlong Hakbang:** Pagpapaliwanag sa mga Simbolo o *Annotation Codes*. Naipakilala na ng guro ang mga simbolo o *annotation codes* na ginamit bilang gabay sa sistematikong pagmamarka at pagtatala ng mahahalagang bahagi ng teksto. Naipaliwanag na ang ★ bilang tanda para sa mahahalagang ideya, **?**

para sa mga bahaging hindi malinaw, **!** para sa kapansin-pansin o mahalagang pahayag, at ☺ para sa personal na reaksiyon o pag-uugnay ng mambabasa sa binasang teksto. Nagsilbi ang mga simbolong ito bilang estratehikong gabay sa aktibong pagpoproseso, pagsusuri, at pagbuo ng kahulugan mula sa tula.

- **Ikaapat Hakbang:** Habang Nagbabasa *(During Reading Stage),* Ikaapat na Hakbang: Unang Pagbasa – Pangkalahatang Pag-unawa. Naipabasa na sa mga mag-aaral ang tula nang tuloy-tuloy upang matamo ang pangkalahatang pag-unawa sa nilalaman, daloy, at pangunahing ideya ng akda. Sa yugtong ito, nakatuon ang pagbasa sa pagkuha ng kabuoang diwa ng tula bago isinagawa ang mas masusing pagsusuri sa mga tiyak na bahagi nito.

- **Ikalimang Hakbang:** Ikalawang Pagbasa – Aktibong Pagmamarka (*Annotating the Text*). Naipagawa na sa mga mag-aaral ang ikalawang pagbasa ng tula na sinabayan ng sistematikong pagmamarka o *annotation*. Binilugan o na-*highlight* na ang mahahalagang salita, parirala, at pahayag sa teksto. Naidagdag na rin ang maiikling paliwanag o komento sa gilid ng pahina upang maitala ang pag-unawa sa mahahalagang bahagi ng akda. Natukoy na rin ang mga pahiwatig, simbolismo, at iba pang elementong nakatulong sa pagbuo ng kahulugan. Nailahad na rin ng mga mag-aaral ang kanilang sariling interpretasyon batay sa mga bahaging kanilang minarkahan at sinuri.

- **Ikaanim na Hakbang:** Pagtukoy sa mga Elemento ng Tula. Natukoy na ng mga mag-aaral ang mahahalagang elemento ng tula, kabilang ang imahe, tayutay, simbolismo, at mensahe. Naiugnay na rin ang mga elementong ito sa kabuoang kahulugan ng akda upang higit na mapalalim ang pag-unawa at interpretasyon sa binasang tula.

- **Ikatlong Hakbang:** Pagkatapos ng Pagbasa (*Post-reading Stage*), Ikapitong Hakbang: Pagbubuod ng Natutuhan. Naipabuo na sa mga mag-aaral ang pangunahing mensahe ng tula batay sa mga anotasyong kanilang naisagawa. Naibuod na rin ang mahahalagang ideya at impormasyong nakalap mula sa teksto bilang pagpapakita ng kanilang kabuoang pag-unawa sa binasang akda.

- **Ikawalong Hakbang:** Talakayan at Pagbabahagi ng Anotasyon. Naibahagi na ng mga mag-aaral ang kanilang sariling interpretasyon sa klase batay sa mga anotasyong kanilang naitala. Naikumpara na rin ang kanilang mga anotasyon sa mga isinagawa ng kanilang mga kamag-aral upang matukoy ang pagkakatulad at pagkakaiba sa pag-unawa at interpretasyon sa teksto. Nakatulong ang palitan ng pananaw upang higit na mapalalim ang pag-unawa sa iba't ibang kahulugan at pagpapakahulugan sa tula.

- **Ikasiyam na Hakbang:** Pagsusuri at Repleksyon. Nasuri na ng mga mag-aaral ang kanilang naging proseso ng pagbasa at pag-unawa sa tula sa pamamagitan ng pagsagot sa mga gabay na tanong. Nasagot na ang mga tanong na: *Ano ang mga natuklasan ko sa tula?* at *Paano nakatulong ang paggamit ng annotation sa aking pag-unawa sa binasang akda?* Naipahayag na rin ng mga mag-aaral ang kanilang mga natutuhan at pagninilay hinggil sa naging ambag ng *annotation strategy* sa kanilang proseso ng pag-unawa at interpretasyon sa tula.

Sa kabuoan, ang *annotation strategy* ay naisagawa sa tatlong yugto: bago, habang, at pagkatapos ng pagbasa. Sa yugto ng aktuwal na anotasyon, aktibong minarkahan ng mga mag-aaral ang mahahalagang bahagi ng tula, tinukoy ang simbolismo at pahiwatig, at naglagay ng sariling interpretasyon. Ang prosesong ito ay naglalayong mapalalim ang kanilang makabuluhang pagbasa.

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa kabuluhan at epekto ng paggamit ng *annotation strategy* sa pagpapaunlad sa kakayahang magbasa ng mga mag-aaral na may pag-unawa. Sa tulong ng masusing pagsisiyasat sa mga kasagutan sa mga katanungan o mga datos na nakuha ng mananaliksik ay makapagmumungkahi ang mananaliksik ng kagamitan sa pagtuturo ng pagbasa sa kapwa guro upang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa

maunawang pagbasa.

3. Resulta at Pagtatalakay

Ang kabanatang ito ay naglalahad, sumusuri at nagpapakahulugan sa mga datos na nalikom batay sa instrumentong ginamit sa pag-aaral upang masagot ang mga suliranin. Kinapapalooban ito ng pagsusuri sa pauna at panghuling pagganap ng mga mag-aaral batay sa tatlong kompetensi sa unang termino sa maunawang pagbasa ng tulang pampanitikan. Sinuri rin ang epekto ng paggamit ng *annotation strategy* sa interes at retensiyon ng mga mag-aaral, gayundin ang pagkakaiba ng kanilang pagganap bago at pagkatapos ng interbensiyon. Ang mga talahanayan ay magsisilbing biswal na representasyon upang maging mabisa ang paglalahad at pagpapakahulugan ng mga datos sa bawat bahagi ng pag-aaral.

3.1 Paunang pagganap sa maunawang pagbasa ng tula gamit ang tradisyonal na pagtuturo

Inilahad sa bahaging ito ang mga iskor sa paunang pagganap ng mga respondenteng mag-aaral sa Baitang 8 batay sa mga piling kompetensi sa maunawang pagbasa ng tula sa unang termino. Sinukat ang kanilang pagganap gamit ang tradisyonal na pamamaraan ng pagtuturo ng pagbasa sa tatlong piling akdang pampanitikan na isinulat sa panahon ng Propaganda at Himagsikan, gaya ng *Sa Kabataang Pilipino* ni Dr. Jose Rizal, *Pag-ibig sa Tinubuang Lupa* ni Andres Bonifacio, at *Katapusang Hibik ng Pilipinas* ni Andres Bonifacio. Ang tatlong akdang pampanitikan ay pinili batay sa mga kompetensing itinakda para sa unang termino ng kurikulum sa Filipino 8.

3.1.1 Paunang pagganap sa pagtukoy sa mahalagang elemento ng tula ayon sa tema, paksa, at mensahe

Upang matukoy ang paunang pagganap ng mga mag-aaral sa mga elemento ng tula, inilahad sa bahaging ito ang antas ng kanilang kakayahan batay sa pagtukoy sa mahahalagang elemento at detalye ng tula gamit ang tradisyonal na pamamaraan ng pagtuturo. Ipinakikita sa talahanayan ang pangkalahatang antas ng pagganap ng mga respondente upang mailarawan ang kanilang kakayahan bago isinagawa ang interbensiyon.

Talahanayan 1

Paunang pagganap sa pagtukoy sa mahalagang elemento ng tula ayon sa tema, paksa, at mensahe

Pagtukoy sa mahalagang elemento ng tula ayon sa tema, paksa at mensahi	*F*	%	*Mean*	*S.D.*	Berbal na Deskripsiyon	Interpretasyon
Napakahusay	23	38.33%	79	8.45	Mahusay	Naipakita ang katanggap-tanggap na antas ng kahusayan sa pagtukoy sa elemento at detalye ng tula
Mahusay	33	55.0%				
Katamtaman	4	6.67%				
Nangangailangan ng Pagsasanay	0	0				

Legend: (0-3) 0-26=Nangangailangan ng Higit na Pagsasanay, (4-6) 27-46=Nangangailangan ng Pagsasanay, (7-9) 47-66=Katamtaman, (10-12) 67-86=Mahusay, (13-15) 87-100=Napakahusay

Ipinapakita sa talahanayan 1 ang antas sa pagtukoy sa elemento gaya ng tema, paksa at mensahe ng tula mula sa mga respondente bago ang interbensiyon. Makikitang karamihan sa mga mag-aaral ay nasa antas na Mahusay (55.0%) at Napakahusay (38.33%), samantalang may 6.67% na Katamtaman lamang. Ang kabuuang *mean* na 79 na batay sa itinakdang pamantayan ng interpretasyon, ang porsiyentong ito ay kabilang sa saklaw na 67–86, kaya ito ay may deskripsyong Mahusay. Nagpapahiwatig ito na ang mga mag-aaral ay nagpakita ng mahusay na antas ng pag-unawa at pagganap sa paksang sinukat ng paunang pagsusulit bago ang implementasyon ng interbensiyon o estratehiya sa pagtuturo.

Samantala, ang *standard deviation* na 8.45 ay nagpapahiwatig na ang mga iskor ng mga mag-aaral ay hindi gaanong nagkakalayo sa *mean.* Ibig sabihin, ang karamihan sa mga mag-aaral ay nagtamo ng magkakahalintulad na marka at kakaunti lamang ang may napakataas o napakababang iskor. Ang mababang *standard deviation* ay

indikasyon ng pagiging magkakatulad ng antas ng pagganap ng mga respondente bago ang interbensiyon.

Ang resulta ay umaayon sa pananaw ni Lev Vygotsky sa kanyang *Sociocultural Theory,* na nagsasaad na ang pagkatuto ay maaaring umunlad sa pamamagitan ng gabay ng guro at interaksiyon sa loob ng silid-aralan. Sa tradisyonal na pagtuturo, nagkakaroon ang mga mag-aaral ng pundasyong kaalaman sa pamamagitan ng pagpapaliwanag ng guro, subalit maaaring hindi ito sapat upang malinang ang mas mataas na antas ng pag-iisip tulad ng malalim na pagsusuri at interpretasyon sa mga akdang pampanitikan. Sinusuportahan din ito ng pag-aaral nina Rafanan at Raymundo (2024), na natuklasang ang mga mag-aaral na dumaan sa karaniwang paraan ng pagtuturo ay kadalasang nakakuha ng katamtaman hanggang mahusay na antas ng pagganap sa pagbasa. Gayunman, inirerekomenda ng kanilang pag-aaral ang paggamit ng mga estratehiyang nagpalalim sa pagpoproseso ng teksto, tulad ng *annotation*, upang mapaunlad ang pag-unawa at kritikal na pagsusuri.

3.1.2 Paunang pagganap sa pagtukoy sa pahiwatig, simbolo, talinghaga, at larawang-diwa o imahe ng tula

Inilahad sa bahaging ito ang paunang pagganap ng mga mag aaral batay sa kanilang kakayahan sa pagtukoy at pagpapakahulugan sa pahiwatig, simbolo, talinghaga, at larawang diwa sa tula. Natukoy rin ang antas ng kanilang kakayahan sa pag-uugnay ng mga ideyang nakapaloob sa binasang akda bago isinagawa ang interbensiyon. Ipinakikita sa talahanayan ang pangkalahatang antas ng kanilang pagganap batay sa mga nakalap na datos.

Talahanayan 2

Paunang pagganap sa pagtukoy sa pahiwatig, simbolo, talinghaga, at larawang-diwa o imahe ng tula

Naipaliliwanag ang nakapaloob na pahiwatig,simbolo, talinghaga at larawang diwa o imahe sa tula	*F*	*%*	*Mean*	*S.D.*	Berbal na Deskripsiyon	Interpretasyon
Napakahusay	42	70.0%	89	9.83	Napakahusay	Lubusang naipapahayag ang mataas na antas ng pag-unawa sa nakapaloob na pahiwatig, simbolo, talinghaga at larawang diwa ng tula.
Mahusay	15	25.0%				
Katamtaman	3	5.0%				
Nangangailangan ng Pagsasanay	0	0				

Legend: (0-3) 0-26=Nangangailangan ng Higit na Pagsasanay, (4-6) 27-46=Nangangailangan ng Pagsasanay,(7-9) 47-66=Katamtaman, (10-12) 67-86=Mahusay, (13-15) 87-100=Napakahusay

Ang *mean* na 89 ay nasa antas na Napakahusay, na nagpapahiwatig ng mataas na antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mas malalim na kahulugan ng tula bago gamitin ang *Annotation Strategy*. Samantala, ang *standard deviation* na 9.83 ay nagpapakita na magkakalapit ang mga iskor ng mga mag-aaral at hindi gaanong nagkakaiba ang kanilang pagganap. Ipinahiwatig ng resulta na ang mga respondente ay nagpakita ng magkakatulad na antas ng kakayahan sa pag-unawa sa mga simbolo, talinghaga, at larawang diwa ng tula bago isinagawa ang interbensiyon gamit ang tradisyonal na pamamaraan ng pagtuturo. Ang resultang ito ay sinusuportahan ng *Metacognitive Theory* ni John H. Flavell (1979), na nagsasaad na higit na nauunawaan ng mga mag-aaral ang binabasang teksto kapag ginagamit nila ang dating kaalaman at mga estratehiya sa pagmomonitor ng sariling pagkatuto. Ipinahihiwatig ng resulta na, kahit sa ilalim ng tradisyonal na pamamaraan ng pagtuturo, nagpakita ang mga mag-aaral ng mataas na antas ng pag-unawa sa mga pahiwatig, simbolo, at talinghaga na nakapaloob sa tula.

Pinagtitibay rin ito ng pag-aaral nina Aclinen at Olesio (2023), na natuklasang ang paggamit ng mga estratehiyang metakognitibo ay nakatutulong sa paglinang ng mas malalim na pag-unawa sa binabasang teksto at sa pagbibigay-kahulugan sa simbolo at talinghaga ng isang pampanitikan. Gayundin, isinaad ni Noval (2024) na ang mga mag-aaral na may sapat na paggabay ng guro ay nakapagpapakita ng mahusay na kakayahan sa interpretasyon ng mga simbolo, talinghaga, at larawang diwa ng tula. Samakatuwid, ang mataas na paunang pagganap ng mga mag-aaral ay nagsisilbing matibay na batayan upang masukat kung magkakaroon ng makabuluhang pagtaas sa kanilang pagganap matapos ang implementasyon ng *Annotation Strategy*.

3.1.3 Paunang pagganap sa pagtukoy sa elementong panlumgguwistika ayon sa tugma, sukat, tayutay at tono

Inilahad sa bahaging ito ang paunang pagganap ng mga mag-aaral batay sa pagsusuri sa mga elementong panlingguwistika, gaya ng tugma, sukat, tayutay, at tono ng tula. Natukoy rito ang kanilang antas ng kakayahan at kasanayan sa maunawang pagbasa ng akdang pampanitikan bago isinagawa ang interbensiyon.

Talahanayan 3

Paunang pagganap sa pagtukoy sa elementong panlumgguwistika ayon sa tugma, sukat, tayutay at tono

Nasusuri ang mga elementong Panlingguwistika ayon sa tugma, sukat, tayutay at tono ng tula	*F*	%	*Mean*	S.D.	Berbal na Deskripsiyon	Interpretasyon
Napakahusay	1	1.67%	63.33	13.10	Katamtaman	May katamtamang kakayahan sa pagsusuri na nangangailangan ng higit na pagsasanay upang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa mga elementong panlingguwistika ng tula.
Mahusay	30	50.0%				
Katamtaman	25	41.67%				
Nangangailangan ng Pagsasanay	3	5.0%				
Nangangailangan ng Higit na Pagsasanay	1	1.67%				

Legend: (0-3) 0-26=Nangangailangan ng Higit na Pagsasanay, (4-6) 27-46=Nangangailangan ng Pagsasanay, (7-9) 47-66=Katamtaman, (10-12) 67-86=Mahusay, (13-15) 87-100=Napakahusay

Ang talahanayan 3 ay tumukoy sa elementong panlingguwistika ng tula. Ipinakita nito na pinakamarami ang napabilang sa Mahusay na antas (50.0%), kasunod ang Katamtaman (41.67%), at kakaunti lamang ang napabilang sa Nangangailangan ng Pagsasanay (5.0%), Samantalang parehong pinakamababa ang Napakahusay at Nangagailangan ng Higit na Pagsasanay (1.67%). Ang *mean* na 63, batay sa itinakdang pamantayan ng interpretasyon, ay kabilang sa saklaw na 47–66, kaya ito ay may berbal na deskripsyong Katamtaman. Ipinahiwatig nito na bago pa man ipatupad ang interbensiyon, ang mga mag-aaral ay may katamtamang kakayahan sa pagsusuri ng mga elementong panlingguwistika ng tula. Bagama't may malaking bilang ng mga mag-aaral na nasa antas na Mahusay, mayroon pa ring malaking pangkat na nasa Katamtaman at ilang nangangailangan ng karagdagang pagsasanay.

Samantala, ang *standard deviation* na 13.10 ay nagpakita na may mas malaking pagkakaiba-iba sa mga iskor ng mga mag-aaral kumpara sa ibang kasanayang sinukat. Ipinahiwatig nito na hindi pare-pareho ang kanilang kakayahan sa pagsusuri sa mga elementong panlingguwistika. Ang resultang ito ay nagpahiwatig na may pangangailangan pang higit na mapaunlad ang kanilang pagganap upang mapabuti ang kanilang kasanayan. Batay sa resulta, natuklasan na ang pagsusuri sa mga elementong panlingguwistika ng tula ang may pinakamababang antas ng pagganap at nanatiling hamon sa mga mag-aaral sa tatlong kasanayang sinukat sa paunang pagsusulit. bago ang paggamit ng *annotation strategy.*

Ang natuklasang ito ay umayon sa *Constructivist Theory* ni Jean Piaget, na nagsasaad na ang pagkatuto ay higit na nahuhubog kapag ang mga mag-aaral ay aktibong nagbahagi sa pagbuo ng sariling kaalaman sa halip na tumanggap lamang ng impormasyon. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga piling tulang “Sa Kabataang Pilipino” ni Jose Rizal, “Pag-ibig sa Tinubuang Lupa” at “Katapusang Hibik ng Pilipinas” ni Andres Bonifacio, nagkaroon sila ng pagkakataong tuklasin kung paano ginamit ang tugma, sukat, tayutay, at tono upang maipahayag ang damdaming makabayan at masining na estilo ng mga makata. Gayunpaman, ipinakita ng resulta na ang ganitong kasanayan ay hindi agad nalinang sa pamamagitan lamang ng tradisyonal na pagtuturo.

Pinagtibay ito ng pag-aaral nina Aclinen at Olesio (2023), na nagpakitang higit na nahirapan ang mga mag-aaral sa pagsusuri ng mga elementong pampanitikan kapag tradisyonal na pamamaraan lamang ang ginamit sa pagtuturo. Ayon sa kanilang pag-aaral, nakatulong ang paggamit ng mga estratehiyang metakognitibo, gaya ng *annotation*, sa pagtukoy ng mahahalagang detalye, tayutay, simbolismo, at iba pang elementong bumubuo sa teksto.

Sinuportahan din ito ng pag-aaral nina Rafanan at Raymundo (2024), na nagpakitang nakapagpataas ang mga estratehiyang nakasentro sa mag-aaral, tulad ng *Annotation Strategy*, sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng mga elementong panlingguwistika. Hinikayat ng mga estratehiyang ito ang mga mag-aaral na magtala, magtanong, magbigay-kahulugan, at mag-ugnay ng mga konsepto habang nagbabasa. Dahil dito, napauunlad ang kanilang kritikal na pag-iisip at pag-unawa sa mga akdang pampanitikan.

3.2 Panghuling pagganap sa maunawang pagbasa gamit ang annotation strategy

Inilahad sa bahaging ito ang panghuling pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino 8 sa maunawang pagbasa ng tula matapos gamitin ang *annotation strategy* bilang interbensiyon. Sinuri ang kanilang kakayahan sa pagtukoy sa mahahalagang elemento at detalye ng tula, kabilang ang tema, paksa, at mensahe; pag-unawa sa mga pahiwatig, simbolo, talinghaga, at larawang diwa o imahe; at pagsusuri sa mga elementong panlingguwistika gaya ng tugma, sukat, tayutay, at tono sa tatlong akdang pampanitikan. Nilayon ng pagsusuring ito na matukoy ang antas ng pagganap at pag-unlad ng mga mag-aaral matapos ang paggamit ng *annotation strategy*. Nagsilbing batayan ang mga resulta sa paghahambing ng kanilang pauna at panghuling pagganap.

3.2.1 Panghuling pagganap sa pagtukoy sa mahalagang elemento ng tula ayon sa tema, paksa, at mensahe

Matapos ang pagpapatupad ng interbensiyon, inilahad sa bahaging ito ang panghuling pagganap ng mga mag-aaral batay sa tema, paksa at mensahe ng tula. Ipinakita rito ang antas ng kanilang pag-unlad sa pagtukoy sa mga elemento at detalye na nakapaloob sa tulang binasa.

Talahanayan 4
Panghuling pagganap sa pagtukoy sa mahalagang elemento ng tula ayon sa tema, paksa, at mensahe

Natutukoy ang mahalagang elemento at detalye ng Tula ayon sa tema, paksa at mensahe	*F*	*%*	*Mean*	*S.D.*	Berbal na Deskripsiyon	Interpretasyon
Napakahusay	34	56.67%	84	10.80	Mahusay	Nanatiling "Mahusay" sa parehong pagganap; gayunpaman, ang pagtaas ng *mean* sa panghuling pagganap ay nagpapahiwatig ng pag-unlad sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral matapos gamitin ang *annotation strategy.*
Mahusay	25	41.67%				
Katamtaman	1	1.67%				
Nangangailangan ng Pagsasanay	0	0%				

Legend: (0-3) 0-26=Nangangailangan ng Higit na Pagsasanay, (4-6) 27-46=Nangangailangan ng Pagsasanay, (7-9) 47-66=Katamtaman, (10-12) 67-86=Mahusay, (13-15) 87-100=Napakahusay

Matapos maisagawa ang interbensiyon, naipakita sa talahanayan 4 na tumaas ang porsiyento ng mga mag-aaral na nasa antas na *Napakahusay*, mula 38.33% bago ang interbensiyon tungo sa 56.67%. Samantala, bumaba ang porsiyento ng mga mag-aaral na nasa antas na *Katamtaman*, mula 6.67% tungo sa 1.67%. Ipinakita ng mga resulta na nagkaroon ng pag-unlad sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagtukoy sa tema, paksa, at mensahe ng tula matapos maisagawa ang paggamit ng *Annotation Strategy*. Ang *mean* na 84 at *standard deviation* na 10.80 na may interpretasyong, **Mahusay na Epekto** ay nagpakita ng pagtaas sa kakayahan ng mga mag-aaral. Ipinahiwatig ng resulta na naging epektibo ang interbensiyon at napalawak ang kanilang pag-unawa sa nilalaman ng tula sa pamamagitan ng sistematikong paglalagay ng *anotasyon* habang nagbabasa.

Tumaas ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa panghuling pagsusulit, kung saan nakamit ang *mean* na 84 (Mahusay) mula sa *mean* na 79 (Mahusay), ito ay nagpapatibay sa pananaw na ang *Annotation Strategy* ay isang mabisang estratehiya sa pagpapahusay ng pag-unawa sa binasang teksto. Ayon kina Rasinski (2020), ang aktibong pakikipag-ugnayan ng mag-aaral sa teksto sa pamamagitan ng pagmamarka, pagbibigay ng tala, at pagtukoy sa mahahalagang ideya ay nagpapalalim ng pag-unawa at nagpapahusay ng kakayahang matukoy ang pangunahing konsepto at mensahe ng binabasa gaya ng tula. Sinang-ayunan din ito nina Fisher at Frey (2021) na

nagsabing ang mga estratehiyang nagbigay-daan sa aktibong pagbasa, tulad ng *annotation*, ay nakatulong sa mga mag-aaral na matukoy ang mahahalagang detalye, makabuo ng koneksiyon sa teksto, at makapagbigay ng mas malalim na interpretasyon. Dahil dito, nagiging mas mataas ang kanilang akademikong pagganap sa mga gawaing may kaugnayan sa pag-unawa sa binasa.

3.2.2 Panghuling pagganap sa pagtukoy sa pahiwatig, simbolo, talinghaga, at larawang-diwa o imahe ng tula

Inilahad sa bahaging ito ang panghuling pagganap ng mga mag-aaral batay sa pahiwatig, simbolo, talinghaga at larawang diwa ng tula matapos ang interbensiyon. Sinuri rito ang kanilang kakayahan sa maunawang pagbasa at sa pag-uugnay ng mga ideya na nakapaloob sa binasang teksto. Sa talahanayan 5, makikita ang pag-unlad sa pagpapaliwanag sa nakapaloob na pahiwatig, simbolo at talinghaga at larawang diwa ng tula. Karamihan ay nasa Napakahusay (83.33%), may 16.67% na Mahusay, at wala nang nasa Katamtaman.

Talahanayan 5

Panghuling pagganap sa pagtukoy sa pahiwatig, simbolo, talinghaga, at larawang-diwa o imahe ng tula

Naipaliliwanag ang nakapaloob na pahiwatig,simbolo, talinghaga at larawang diwa o imahe ng tula	*F*	*%*	*Mean*	*S.D.*	Berbal na Deskripsiyon	Interpretasyon
Napakahusay	50	83.33%	93	7.97	Napakahusay	Lubos na napahusay ang maunawang pagbasa; malinaw, masinsin, at kritikal ang anotasyon sa pagtukoy ng pahiwatig at simbolismo.
Mahusay	10	16.67%				
Katamtaman	0	0.0%				

Legend: (0-3) 0-26=Nangangailangan ng Higit na Pagsasanay, (4-6) 27-46=Nangangailangan ng Pagsasanay, (7-9) 47-66=Katamtaman, (10-12) 67-86=Mahusay, (13-15) 87-100=Napakahusay

Ang *mean* na 93 ay nasa antas ng Napakahusay, na nagpakita ng mas matibay na paggamit ng ebidensya at mas maayos na pagpakahulugan ng mga pahiwatig, talinghaga at simbolismo sa teksto. Ang mas mababang *standard deviation* 7.97 kumpara sa paunang pagganap ay nagpakita rin na naging mas pare-pareho ang pagganap ng mga mag-aaral matapos ang interbensiyon. Ipinahiwatig nito na ang *annotation strategy* ay lubhang nakatulong upang mapalalim ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbibigay-kahulugan sa mga simbolismo at larawang diwa ng tula**.** Pinagtibay ng mga kaugnay na literatura at pag-aaral na nagsasabing ang *annotation strategy* ay isang mabisang estratehiya sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga ipinapahiwatig na kahulugan ng teksto, kabilang ang pahiwatig, simbolo, talinghaga, at larawang diwa. Ayon kina McLaughlin at DeVoogd (2020) na nagsabing ang aktibong pakikipag-ugnayan sa teksto sa pamamagitan ng *annotation* ay nakatutulong sa paglinang ng kritikal na pag-iisip at inferensyal na pag-unawa. Sa kanilang pag-aaral, napatunayang mas nagiging mahusay ang mga mag-aaral sa pagsusuri ng pahiwatig, simbolismo, talinghaga, at iba pang elementong pampanitikan dahil sa sistematikong pagmamarka at pagtatala ng mahahalagang bahagi ng teksto.

Sa lokal na konteksto, natuklasan nina Rafanan at Raymundo (2024) na ang paggamit ng mga interaktibong estratehiya sa pagbasa, gaya ng *annotation*, ay nagdulot ng makabuluhang pagtaas sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbibigay-kahulugan sa mga pahiwatig at simbolismo ng mga akdang pampanitikan. Ipinakita rin ng kanilang pag-aaral na ang mga mag-aaral ay naging mas mapanuri at mas kritikal sa pagbuo ng interpretasyon matapos ang paggamit ng estratehiya. Batay sa mga natuklasan, kaugnay na literatura, at mga kaugnay na pag-aaral, malinaw na napatunayan na naging epektibo ang *annotation strategy* sa pagpapahusay ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa pahiwatig, simbolo, at talinghaga ng tula. Samakatuwid, napatunayan na ang *annotation strategy* ay naging makabuluhan at epektibong interbensiyon sa pagtuturo ng maunawang pagbasa sa Filipino, partikular sa pagsusuri ng mga akdang pampanitikan tulad ng tula.

3.2.3 Panghuling pagganap sa pagtukoy sa elementong panlumgguwistika ayon sa tugma, sukat, tayutay at tono

Inilahad sa bahaging ito ang panghuling pagganap ng mga mag-aaral batay sa kanilang pag-unawa sa mga

elementong panlingguwistika ng tula. Sinuri rito ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagtukoy sa mga nakapaloob na tayutay at tono sa teksto ng tula matapos ang isinagawang interbensiyon. Ang talahanayan 6 ay nagpakita ng pagbuti sa pagsuri ng elementong panlingguwistika. Naitala ang pinakamataas na bahagdan sa antas na Mahusay (56.67%), sinundan ng Napakahusay (31.67%), at Katamtaman (11.67%). Walang naitalang mag-aaral na kabilang sa antas na Nangangailangan ng Pagsasanay.

Talahanayan 6

Panghuling pagganap sa pagtukoy sa elementong panlumgguwistika ayon sa tugma, sukat, tayutay at tono

Nasusuri ang mga elementong panlingguwistika ayon sa tugma, sukat, tayutay at talinghaga	f	%	*Mean*	*S.D.*	Berbal na Deskripsiyon	Interpretasyon
Napakahusay	19	31.67%	75	11.30	Mahusay	Naipakita ang kasanayan sa pagsusuri ng mga elementong panlingguwistika.
Mahusay	34	56.67%				
Katamtaman	7	11.67%				
Nangangailangan ng Pagsasanay	0	0.0%				

Legend: (0-3) 0-26=Nangangailangan ng Higit na Pagsasanay, (4-6) 27-46=Nangangailangan ng Pagsasanay, (7-9) 47-66=Katamtaman, (10-12) 67-86=Mahusay, (13-15) 87-100=Napakahusay

Ang *mean* na 75 at *standard deviation* na 11.30 ay naitala sa antas na Mahusay, na nagpakita ng malaking pag-unlad sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng tugma, sukat, tayutay, at tono ng tula. Sa interpretasyon, naging mas angkop at aktibo ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa pagproseso ng teksto sa pamamagitan ng pagmamarka, pagsulat ng tala, pagbibigay-diin sa mahahalagang salita, at pagtukoy sa mga elementong panlingguwistika tulad ng tugma, sukat, tayutay, at talinghaga. Dahil dito, naging higit na madali para sa kanila ang pag-unawa at pagsusuri sa kabuoang mensahe at estruktura ng tula. Ang resulta ng kasalukuyang pag-aaral ay pinagtibay ng pag-aaral ni Sanchez (2024), na nagpakita ng positibong epekto ng paggamit ng *annotating text strategies* sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa binasang teksto. Ipinakita ng kaniyang *quasi-experimental* na pag-aaral na ang mga mag-aaral na gumamit ng *annotation* ay naging mas aktibong mambabasa, nakatutukoy ng mahahalagang impormasyon, at nakapagbigay-kahulugan nang higit na mahusay sa binasang teksto. Nakatulong din ang estratehiya sa pagpapalalim ng kanilang pag-unawa at paglinang ng kritikal na pagsusuri sa teksto.

Gayundin, binigyang-diin nina Mahusay et al. (2024) na ang *annotation* ay nakatulong upang maging mas aktibo ang mga mag-aaral sa pagbasa sa pamamagitan ng pagtukoy sa mahahalagang ideya, pagtatala ng mga obserbasyon, at masusing pakikipag-ugnayan sa teksto. Inirekomenda rin nila ang patuloy na paggamit at pagpapaunlad ng mga estratehiyang tulad ng *annotation* upang higit na mapalakas ang kasanayan sa pagbasa. Dagdag pa rito, ipinakita nina Bartolo et al. (2020) na ang *annotation* ay nagkaroon ng mahalagang papel sa pagpapabuti ng *reading comprehension* sa pamamagitan ng sistematiko at masusing pagproseso at pagsusuri ng impormasyon, kabilang ang pagsusuri sa mga elementong panlingguwistika ng tula.

3.3 Pagkakaiba ng pauna at panghuling pagganap sa maunawang pagbasa

Inilalahad sa bahaging ito ng kabanata ang paghahambing sa pauna (*pre-test*) at panghuling (*post-test*) pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 8 sa maunawang pagbasa ng tula bago at pagkatapos mailapat ang *annotation strategy*. Sinusuri rito ang naging pagbabago at pag-unlad sa kanilang kakayahan sa pagtukoy ng mahahalagang elemento at detalye, pagpapaliwanag ng mga pahiwatig, simbolo, talinghaga, at larawang-diwa, gayundin ang pagsusuri sa mga elementong panlingguwistika upang matukoy ang kabuuang bisa ng estratehiya sa kanilang pagkatuto.

Sa unang kompetensi na tumutukoy sa pagtukoy sa mahahalagang elemento at detalye ng tula, naitala ang *t-value* na 3.16, *mean difference* na 5.05, at *p-value* na 0.002. Dahil ang *p-value* ay mas mababa sa 0.05, itinanggi (*Reject*) ang *null hypothesis*. Ipinakita ng resulta na nagkaroon ng makabuluhang pagtaas sa kakayahan ng mga

mag-aaral matapos magamit ang *annotation strategy*. Ipinakita rin nito na ang estratehiya ay nakatulong sa pagpapahusay ng kanilang kakayahang tukuyin ang mahahalagang elemento at detalye ng tula. Sa ikalawang kompetensi na tumutukoy sa pagpapaliwanag sa mga pahiwatig, simbolo, talinghaga, at larawang diwa, naitala ang *t-value* na 2.53, *mean difference* na 3.50, at *p-value* na 0.014. Dahil ang *p-value* ay mas mababa sa 0.05, tinanggihan ang *null hypothesis*. Ipinakita ng resulta na nagkaroon ng makabuluhang pag-unlad sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbibigay-kahulugan sa mas malalim na mensahe ng tula matapos magamit ang *annotation strategy*. Bagaman ito ang nagtala ng pinakamababang *mean difference* sa tatlong kompetensi, nanatili itong istadistikal na makabuluhan batay sa itinakdang antas ng kahalagahan.

Talahanayan 7

Pagkakaiba ng pauna at panghuling pagganap sa maunawang pagbasa

Kompetensi	*t-value*	*Df*	*Mean Difference*	*p-value*	*Decision*	*Intepretation*
Natutukoy ang mahalagang elemento at detalye ng tula (tema,paksa at mensahe)	3.16	59	5.05	0.002	Reject Ho	Significant
Naipaliliwanag ang nakapaloob na pahiwatig, simbolo, talinghaga at larawang diwa o imahe sa tula	2.53	59	3.50	0.014	Reject Ho	Significant
Nasusuri ang mga elementong panlingguwistika (tugma, sukat, tayutay at tono) ng tula	6.04	59	11.75	<0.001	Reject Ho	Significant

Sa ikatlong kompetensi na tumutukoy sa pagsusuri sa mga elementong panlingguwistika, naitala ang *t-value* na 6.04, *mean difference* na 11.75, at *p-value* na mas mababa sa 0.001. Ito ang nagtala ng pinakamataas na *t-value* at *mean difference* sa tatlong kompetensi. Dahil ang *p-value* ay mas mababa sa 0.05, itinanggi ang *null hypothesis*, na nagpakita ng makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos magamit ang *annotation strategy*. Naitala rin ang pinakamalaking pagtaas sa aspetong ito, na naging pinakamababang kompetensi ng mga mag-aaral sa paunang pagsusulit. Sa pangkalahatan, ipinakita ng talahanayan 9 na ang lahat ng *p-value* ay naging mas mababa sa 0.05, kaya tinanggihan ang *null hypothesis* sa lahat ng kompetensi. Ipinahiwatig nito na nagkaroon ng makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang *annotation strategy*. Batay sa mga resulta, nakatulong ang naturang estratehiya sa pagpapahusay ng maunawang pagbasa ng tula. Naitala ang pinakamalaking pag-unlad sa pagsusuri ng mga elementong panlingguwistika, habang naitala **rin** ang positibo at makabuluhang pagtaas sa pagtukoy sa mahahalagang elemento at detalye ng tula at sa pagpapaliwanag sa mga pahiwatig, simbolo, talinghaga, at larawang diwa.

Ipinakita ng mga resulta na naging mabisang estratehiya ang *annotation strategy* sa pagtuturo ng maunawang pagbasa ng tula. Ang pagtaas ng marka sa tatlong kasanayan—pagtukoy sa mahahalagang elemento ng tula, pagpapaliwanag ng mga pahiwatig at simbolo, at pagsusuri ng mga elementong panlingguwistika—ay nagpakita na nakatulong ang *annotation* sa pagpapalalim ng pag-unawa, pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip, at pagsasagawa ng masusing pagsusuri sa mga akdang pampanitikan. Ang makabuluhang pagkakaibang natukoy sa pagitan ng *pre-test* at *post test* ay umaayon sa mga pag-aaral na nagpakita ng positibong epekto ng paggamit ng *Annotation Strategy* sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ayon kina Sun et al. (2021), ang mga estratehiyang nagtaguyod ng aktibong pagproseso ng teksto, tulad ng *annotation*, ay may positibong epekto sa pag-unawa at akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Gayundin, natuklasan nina Bogaerds-Hazenberg et al. (2026), na ang aktibong pakikipag-ugnayan sa teksto ay nagbunga ng mas malalim na pag-unawa sa kahulugan at estruktura ng binabasa. Ang natuklasang ito ay umaayon sa kasalukuyang pag-aaral kung saan nagkaroon ng makabuluhang pagtaas sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng tema, simbolo, at mga elementong panlingguwistika ng tula. Dagdag pa rito, binigyang diin nina Elleman at Oslund (2023), ang pagtuturo ng mga estratehiya sa pagbasa ay may mahalagang papel sa pagpapataas ng *reading comprehension* at akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa aktibong pagbasa upang mas mapahusay ang pagsuri at pagbuo ng kahulugan mula sa teksto. Ang resulta ng kanilang pag-aaral ay

tumutugma sa natuklasan ng kasalukuyang pananaliksik na nagpakita ng makabuluhang pagtaas sa *post-test scores* ng mga mag-aaral.

3.4 Nahinuhang epekto sa paggamit ng annotation strategy sa maunawang pagbasa

Sa bahaging ito, sinuri ang epekto ng paggamit ng *annotation strategy* sa maunawang pagbasa ng tula ayon sa interes at retensiyon ng mga mag-aaral. Tinukoy dito ang antas ng kanilang motibasyon, pakikilahok, at kakayahang mapanatili at mailapat ang natutuhang kaalaman matapos ang interbensiyon. Nagsilbing batayan ang mga resulta sa pagtukoy kung naging epektibo ang estratehiya sa pagpapataas ng motibasyon sa pagbasa at pagpapanatili ng kaalaman, na naging mahahalagang salik sa pagpapabuti ng maunawang pagbasa ng tula sa asignaturang Filipino.

3.4.1 Nahinuhang epekto sa interes ng mga mag-aaral

Inilahad sa bahaging ito ang antas ng interes ng mga mag-aaral sa pagsasagawa ng akademikong gawain gamit ang *Annotation Strategy*. Sinuri rito kung paano nakaapekto ang paggamit ng naturang estratehiya sa kanilang interes sa maunawang pagbasa ng tula.

Talahanayan 8
Nahinuhang epekto sa interes ng mga mag-aaral

Interes sa Maunawang Pagbasa ng Tula	*Mean*	*S.D.*	Berbal na Deskripsiyon
Gamit ang estratehiyang *Annotation Strategy* ginaganahan akong magbasa ng mga tulang babasahin.	3.28	1.22	Katamtamang Epekto
Nakakatulong sa aking pagbabasa ang mga ilustrasyon gamit ang *Annotation Strategy*	3.50	1.36	Mahusay na Epekto
Nakasasagot ako sa tamang oras gamit ang *Annotation Strategy*	2.77	1.11	Katamtamang Epekto
Overall Mean	3.18	1.16	Katamtamang Epekto

Legend: 1.00-1.80=Walang Epekto , 1.81-2.60=Mababang Epekto, 2.61-3.40= Katamtamang Epekto, 3.41-4.20= Mahusay na Epekto, 4.21-5.00=Napakahusay na Epekto

Ipinakita sa talahanayan 8 ang nahinuhang epekto ng *Annotation Strategy* sa maunawang pagbasa ng tula ayon sa interes ng mga mag-aaral. Batay sa resulta, nagtala ang kabuoang *mean* ng 3.18 at *standard deviation* na 1.16, na may berbal na deskripsyong “Katamtamang Epekto.” Ipinahiwatig nito na nakatulong nang katamtaman ang *Annotation Strategy* sa pagpapataas ng interes ng mga mag-aaral sa pagbasa ng tula, bagama’t hindi ito palagiang naranasan ng lahat ng respondente. Sa tatlong pahayag, ang “Nakakatulong sa aking pagbabasa ang mga ilustrasyon gamit ang *Annotation Strategy*” ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 3.50 (*SD* = 1.36) na may deskripsyong “Mahusay na Epekto.” Ipinahiwatig nito na ang paggamit ng mga ilustrasyon at biswal na anotasyon ay nakatulong upang maging mas malinaw at mas kawili-wili ang pagbasa ng tula. Dahil dito, mas napanatili ang atensyon at interes ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa tekstong binabasa.

Samantala, ang pahayag na “Gamit ang estratehiyang *Annotation Strategy*, ginaganahan akong magbasa ng mga tulang babasahin” ay nagtamo ng *mean* na 3.28 (*SD* = 1.22) na may deskripsyong “Katamtamang Epekto.” Ipinahiwatig nito na bagama't may mga pakakataong napupukaw ang kawilihan ng mga mag-aaral na magbasa ng tula dahil sa *Annotation Strategy*, hindi pa ito sapat upang palaging mapanatili ang kanilang interes. Maaaring may iba pang salik tulad ng kahirapan ng tula, dating kaalaman, at personal na kagustuhan sa pagbabasa na nakaaapekto sa kanilang motibasyon. Pinakamababa naman ang nakuha ng pahayag na “Nakasasagot ako sa tamang oras gamit ang *Annotation Strategy*” na may *mean* na 2.77 (*SD* = 1.11) at may deskripsyong “Katamtamang Epekto.” Ipinahiwatig nito na hindi palaging nakatutulong ang *Annotation Strategy* upang mapabilis ang pagsagot ng mga mag-aaral. Posibleng mas maraming oras ang kinakailangan sa paggawa ng anotasyon dahil sa masusing pagbabasa, pagmamarka, at pagsusuri ng teksto bago makabuo ng tamang sagot.

Sa kabuoan, ipinakita ng resulta na ang *Annotation Strategy* ay may positibo ngunit katamtamang epekto sa

interes ng mga mag-aaral sa maunawang pagbasa ng tula. Higit itong nakatulong sa pagpapadali ng pag-unawa sa pamamagitan ng mga ilustrasyon at biswal na anotasyon kaysa sa pagpapataas ng motibasyon sa pagbasa at pagpapabilis ng pagsagot. Ipinahiwatig din ng mga *standard deviation* na nasa humigit-kumulang 1.11 hanggang 1.22 na may katamtamang pagkakaiba sa mga tugon ng mga respondente, na nagpakita na hindi magkakatulad ang kanilang karanasan at pananaw sa paggamit ng *Annotation Strategy.*

Ang mga natuklasang ito ay nagpahiwatig na ang *Annotation Strategy* ay epektibong pantulong sa pagpapaunawa ng tula, subalit maaari pa itong higit na pagyamanin sa pamamagitan ng iba pang estratehiyang pampagkatuto upang lalo pang mapaigting ang interes at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral. Ayon kina Huang at Chen (2014), ang paggamit ng mga estratehiya sa pagbasa ay may positibong ugnayan sa saloobin at motibasyon ng mga mag-aaral sa pagbasa. Ipinakita sa kanilang pag-aaral na ang mga estratehiyang nagbigay ng aktibong partisipasyon sa mga mag-aaral ay nagpataas ng kanilang interes sa pagbasa, na nagiging daan sa mas mahusay na pag-unawa sa teksto. Sinuportahan din ito ng pag-aaral nina Mardiah at Melati (2025), na nagsabing ang *annotation* ay isang aktibong estratehiya sa pagbasa na tumulong sa mga mag-aaral na masubaybayan ang mahahalagang impormasyon, makapagmuni-muni sa kanilang binasa, at mapanatili ang kanilang pokus habang nagbabasa. Gayunpaman, binigyang-diin din nila na kinakailangan ang tuloy-tuloy na pagsasanay upang ganap na mapakinabangan ang estratehiya.

3.4.2 Nahinuhang epekto sa retensyon ng mga mag-aaral

Ipinakita sa bahaging ito ang antas ng retensiyon ng mga mag-aaral sa mga natutuhan nila sa maunawang pagbasa ng tula. Sinuri rito ang kanilang kakayahang matandaan at mailapat ang mga kaalamang natamo matapos ang interbensiyong *Annotation Strategy*. Ipinakita sa talahanayan 9 ang nahinuhang epekto ng *Annotation Strategy* sa maunawang pagbasa ng tula ayon sa retensiyon ng mga mag-aaral. Batay sa resulta, nakapagtala ang kabuoang *mean* ng 3.22 at *standard deviation* na 1.13, na may berbal na deskripsyong “Katamtamang Epekto”. Ipinahiwatig ng resulta na nakatulong ang paggamit ng *Annotation Strategy* sa pagpapanatili at pag-alala ng mga natutuhan ng mga mag-aaral sa pagbasa ng tula, subalit hindi pa naging palagian ang epektong ito.

Talahanayan 9

Nahinuhang epekto sa retensyon ng mga mag-aaral

Retensiyon sa Maunawang Pagbasa ng Tula	*Mean*	*S.D.*	Berbal na Deskripsiyon
Natutukoy ko ang elemento at detalye sa tulang binasa gamit ang *Annotation Strategy.*	3.27	1.07	Katamtamang Epekto
Naipahayag ko ang nakapaloob na pahiwatig, simbolo, talinghaga at larawang diwa sa aking binasa batay sa aking pag-unawa gamit ang *Annotation Strategy.*	3.17	1.09	Katamtamang Epekto
Mahusay kong nasusuri ang elementong panlingguwistika kaugnay sa aking binasang tula gamit ang *Annotation Strategy.*	3.22	1.22	Katamtamang Epekto
Overall Mean	3.22	1.13	Katamtamang Epekto

Legend: 1.00-1.80=Walang Epekto , 1.81-2.60=Mababang Epekto, 2.61-3.40= Katamtamang Epekto,3.41-4.20= Mahusay na Epekto, 4.21-5.00=Napakahusay na Epekto

Nangangahulugan din ito na ang mga mag-aaral ay paminsan-minsan lamang nakararanas ng positibong epekto ng *Annotation Strategy* sa kanilang retensiyon sa pagbasa. Sa tatlong pahayag, ang “Natutukoy ko ang elemento at detalye sa tulang binasa gamit ang *Annotation Strategy*” ang nakapagtala ng pinakamataas na *mean* na 3.27 (*SD* = 1.07), na may deskripsyong “Katamtamang Epekto”. Ipinahiwatig ng resulta na nakatulong ang *Annotation Strategy* sa mga mag-aaral upang matandaan at matukoy ang mahahalagang elemento ng tula, tulad ng tema, paksa, at mensahe. Ipinakita rin ng relatibong mababang *standard deviation* na naging magkakatulad ang pananaw ng mga respondente hinggil sa aspetong ito. Sumunod naman ang pahayag na “Mahusay kong nasusuri ang elementong panlingguwistika kaugnay sa aking binasang tula gamit ang *Annotation Strategy*” na nagtamo ng *mean* na 3.22 (*SD* = 1.22) na may deskripsyong “Katamtamang Epekto”. Ipinahiwatig nito na ang *Annotation Strategy* ay nakatulong sa pagsusuri ng mga elementong panlingguwistika tulad ng tayutay, sukat, tugma, at tono, ngunit hindi pa ito palagiang nararanasan ng mga mag-aaral. Ang mas mataas na *standard deviation* ay nagpakita

na may pagkakaiba-iba sa kanilang karanasan at kakayahan sa paggamit ng estratehiya.

Samantala, ang pahayag na “Naipahayag ko ang nakapaloob na pahiwatig, simbolo, talinghaga at larawang diwa sa aking binasa batay sa aking pag-unawa gamit ang *Annotation Strategy*” ay nakakuha ng pinakamababang *mean* na 3.17 (*SD* = 1.09) na may deskripsyong “Katamtamang Epekto”. Ipinahiwatig nito na ang pagbibigay-kahulugan sa mas malalim na mensahe at simbolismo ng tula ay isa pa ring hamon para sa ilang mag-aaral kahit gumagamit ng *Annotation Strategy*. Maaaring nangangailangan pa sila ng higit na gabay at pagsasanay upang lubos na malinang ang kanilang mataas na antas ng pag-unawa at retensiyon. Sa kabuoan, ipinakita ng resulta na ang *Annotation Strategy* ay may katamtamang positibong epekto sa retensiyon ng mga mag-aaral sa maunawang pagbasa ng tula. Bagama't nakatulong ito sa pag-alaala ng mga elemento, pagpakahulugan sa nilalaman, at pagsuri ng mga aspetong panlingguwistika, ipinahiwatig ng pangkalahatang deskripsyong “Katamtamang Epekto” na kinakailangan pa ng mas tuloy-tuloy at sistematikong paggamit ng *Annotation Strategy* upang higit na mapatatag ang retensiyon at mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga akdang patula. Isa sa mga estratehiyang nakatulong sa pagpalakas ng retensiyon ay ang *Annotation Strategy.* Sa pamamagitan ng pagmamarka, pagsulat ng tala, paglalagay ng mahahalagang salita, simbolo, at personal na reaksiyon habang nagbabasa, nagiging aktibong kalahok ang mga mag-aaral sa pagbuo ng kahulugan ng teksto.

Ayon sa pag-aaral nina Novak, Razzouk, at Johnson (2018), na nagpakitang ang aktibong pakipag-ugnayan sa teksto sa pamamagitan ng paglalagay ng tala at anotasyon ay nagpahusay sa pag-unawa at pangmatagalang pag-alaala ng mga mag-aaral. Ipinakita rin ng kanilang pag-aaral na ang mga mag-aaral na gumamit ng *annotation* ay mas madaling nakapag-ugnay ng mga bagong kaalaman sa dati nilang kaalaman at mas mahusay na nakapagsuri ng nilalaman ng binasa. Gayundin, ayon kina Mardiah at Melati (2025), ang *Annotation Strategy* ay nagpalakas ng kritikal na pag-iisip at retensiyon dahil hinikayat nito ang mga mag-aaral na aktibong tukuyin ang mahahalagang impormasyon, magbigay ng interpretasyon, at balikan ang kanilang mga tala sa panahon ng pagrepaso. Ang ganitong proseso ay nagresulta sa mas matibay na pag-unawa at mas mataas na antas ng pagkatuto.

Sa konteksto ng maunawang pagbasa ng tula, nagsilbing estratehikong gabay ang *Annotation Strategy* upang matulungan ang mga mag-aaral sa pagtukoy ng mahahalagang elemento at detalye ng akda, pag-unawa sa mga pahiwatig, simbolo, at talinghaga, at pagsusuri sa mga elementong panlingguwistika. Sa pamamagitan ng aktibong pagmamarka, pagtatala, at pagbibigay-kahulugan sa mahahalagang bahagi ng teksto, higit na napalalim ang proseso ng pag-unawa at napagtibay ang pagpanatili ng mga natutuhan. Dahil dito, naging higit na makabuluhan ang pagsuri at pagpahalaga ng mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikan. Ipinakita rin sa mga kaugnay na literatura na ang *Annotation Strategy* ay maaaring magsilbing mabisang estratehiya sa pagpapaunlad ng retensiyon, sapagkat hinikayat nito ang aktibong pakikilahok at masusing pagproseso ng impormasyong nakapaloob sa teksto, na mahalaga sa paglinang ng mas malalim at pangmatagalang pag-unawa sa tula. Ipinahiwatig ng mga natuklasan na ang *Annotation Strategy* ay may mahalagang implikasyon sa pagtuturo ng maunawang pagbasa ng tula. Ang paggamit nito ay maaaring makatulong sa paglinang ng aktibong pakikilahok, mas malalim na pag-unawa, at pagpapanatili ng mahahalagang konsepto ng mga mag-aaral.

4. Kongklusyon

Inilahad sa bahaging ito ang mga mahahalagang resulta ng pag-aaral batay sa limang suliraning inilahad. Ang mga natuklasan ay nagpakita ng antas ng pagganap ng mga mag-aaral bago at matapos ang interbensiyon, gayundin ang nahinuhang epekto ng paggamit ng *Annotation Strategy* sa kanilang interes at retensiyon sa maunawang pagbasa ng tula sa Filipino 8. Lumitaw na bago pa gamitin ang *annotation strategy* ay mahusay na ang paunang pagganap ng mga mag-aaral sa pagtukoy ng mga elemento at detalye ng tula ayon sa tema, paksa at mensahe ng tula. Napakahusay naman sa pagpaliwanag ng mga nakapaloob na pahiwatig, simbolo, talinghaga at larawang diwa ng tula. Gayunpaman nanatiling katamtaman ang kanilang kakayahan sa pagsusuri ng mga elementong panlingguwistika ayon sa tugma, sukat, tayutay at tono ng tula. Ipinahiwatig nito ang pangagailangan ng isang estratehiya sa pagtuturo na higit na magpapalalim sa kanilang kritikal na pagsusuri sa maunawang pagbasa ng tula.

Bagama't parehong nanatiling Mahusay at Napakahusay ang berbal na interpretasyon sa parehong pagganap sa una at ikalawang kompetensi, ipinakita ng pagtaas ng *mean* na nagkaroon pa rin ng positibong pagbabago sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral. Naging epektibo ang *annotation strategy* sa pagpataas ng antas ng pagganap ng mga mag-aaral, lalo na sa ikatlong kompetensi sa pagpapaliwanag ng mga simbolismo at pahiwatig na siyang nakapagtala ng pinakamataas na pagganap pagkatapos ng interbensiyon. Sa istadistikal na pagsusuri ay nagpakita ng makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pauna at panghuling pagganap ng mga mag-aaral. Ipinahiwatig nito na ang *annotation strategy* ay isang epektibong estratehiya sa pagpapataas ng antas ng maunawang pagbasa ng tula, sapagkat nagdulot ito ng makabuluhan at positibong pag-unlad sa pagganap ng mga mag-aaral.

Ipinakita ng mga resulta na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng interes sa maunawang pagbasa ng tula gamit ang *Annotation Strategy*. Ang mga *interactive* na tampok nito, tulad ng pagmamarka, pagsulat ng puna, pagtatanong, at pagbibigay ng sariling interpretasyon sa teksto ay nakapagpapataas ng motibasyon at pakikilahok ng mga mag-aaral sa makabuluhan at kawili-wiling karanasan sa pagbasa. Lumitaw na may mataas na antas ng retensiyon ang mga mag-aaral sa kanilang natutuhan. Ipinahiwatig nito na ang paggamit ng *Annotation Strategy* ay nakatulong hindi lamang sa agarang pag-unawa sa binasang tula kundi maging sa pagpanatili ng mahahalagang konsepto at mensahe nito. Sa pamagitan ng pagmamarka, pagbigay ng tala, pagtukoy sa mahahalagang ideya, at pag-ugnay ng mga pahiwatig, simbolo, talinghaga, at iba pang elemento ng tula, naging aktibo ang mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto. Dahil dito, mas naproseso at naiugnay nila ang bagong kaalaman sa kanilang dating kaalaman, na maaaring makatulong sa mas matagal na pag-alaala at pag-unawa sa binasa.

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, ipinakita na parehong nanatiling nasa mahusay at napakahusay ang pagganap ng mag-aaral sa una at ikalawang kompetensi bago at pagkatapos gamitin ang *annotation strategy*. Ipinakita ng paghahambing ng mga *mean score* na tumaas ang pagganap sa lahat ng tatlong kompetensi: mula 79 tungo sa 84 sa pagtukoy ng mahahalagang elemento at detalye ng tula, mula 89 tungo sa 93 sa pagpapaliwanag ng mga pahiwatig, simbolo, talinghaga, at larawang-diwa, at mula 63 tungo sa 75 sa pagsusuri ng mga elementong panlingguwistika. Ipinakikita rin ng resulta na ang pinakamataas na pauna at panghuling pagganap ay nasa kompetensing pagpapaliwanag sa mga pahiwatig, simbolo, talinghaga, at larawang diwa, na nanatiling nasa antas na Napakahusay, na nagpapahiwatig na mahusay na ang kakayahan ng mga mag-aaral sa mas malalim na pag-unawa sa tula at lalo pa itong napahusay pagkatapos ng interbensiyon. Samantala, ang pinakamalaking pag-unlad ay naitala sa pagsusuri ng mga elementong panlingguwistika, na tumaas ang *mean* mula 63 (Katamtaman) tungo sa 75 (Mahusay na Epekto). Ipinahiwatig nito na ang *annotation strategy* ay naging partikular na epektibo sa pagpapahusay ng kasanayang ito, na siya ring may pinakamababang paunang pagganap.

Sa kabuoan, pinatunayan ng mga resulta na ang paggamit ng *Annotation Strategy* ay naging mabisang estratehiyang panturo na nakapagpataas sa pagganap ng mga mag-aaral sa iba't ibang aspeto ng maunawang pagbasa ng tula. Dahil dito, naipakita na ang estratehiyang ito ay nakatulong sa pagpapalalim ng pag-unawa, pagpapahusay ng pagsusuri, at pagpapaunlad ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino 8.

Batay sa mga natuklasan at kinalabasan ng pag-aaral, iniharap ang mga sumusunod na rekomendasyon bilang mga mungkahing hakbang upang higit na mapahusay at mapalakas ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto sa maunawang pagbasa ng tula sa pamamagitan ng sistematikong paggamit ng *Annotation Strategy*. Sa natukoy na paunang pagganap ng mga mag-aaral, may isang kompetensi na nasa katamtamang antas. Dahil dito, inirerekomenda na magpatupad ang guro ng mga interbensiyong nakatuon sa pagtuturo ng tugma, sukat, tayutay, at tono. Nararapat ring magbigay ng malinaw na gabay sa pagsusuri ng mga elementong panglingguwistika. Maaaring gumamit ng iba pang estratehiya bukod sa *Annotation Strategy*, upang higit na mapaunlad ang kasanayan at matulungan ang mga mag-aaral na malinang ang kanilang kakayahan sa pagsusuri ng tula. Kasunod nito, dahil sa pagtaas ng panghuling pagganap ng mga mag-aaral matapos gamitin ang *Annotation Strategy*, iminumungkahi na ipagpatuloy at palawakin ang paggamit ng nasabing estratehiya sa pagtuturo sa maunawang pagbasa ng tula. Ang pagpapatuloy nito ay mahalaga upang mapanatili at higit pang mapalalim ang kanilang kasanayan sa maunawang pagbasa ng tula.

Kaugnay ng nakitang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pauna at panghuling pagganap, sa halip na gamitin lamang ang *Annotation Strategy* bilang interbensiyon para sa mga mag-aaral na nahihirapan, inirerekomendang isama ito bilang regular na estratehiya sa pagtuturo. Ang sistematikong integrasyon nito ay maaaring magsilbing isang estratehikong paraan upang higit na mapanatili at mapaunlad ang mga kasanayan sa maunawang pagbasa ng tula sa Filipino 8. Bilang tugon sa naitalang antas ng interes ng mga mag-aaral, hinihikayat ang mga guro na magdisenyo ng higit na interaktibo at makabuluhang mga gawain gamit ang *Annotation Strategy*. Maaaring gumamit ng mas angkop at makabagong *annotation activities*, tulad ng *collaborative annotation, digital annotation, gallery walk, annotation detective,* at *peer annotation*, upang mapanatili ang aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral.

Sa huli, kaugnay ng mataas na antas ng retensiyon, iminumungkahi ang patuloy na paggabay ng guro habang nag-aanotasyon**.** Bagama't nagpakita ng pag-unlad ang mga mag-aaral, mahalagang magkaroon pa rin ng *feedback*, pagmomodelo, at talakayan upang matiyak na tama at makabuluhan ang kanilang mga anotasyon sa maunawang pagbasa. Ang pagbibigay ng agarang puna ay makatulong sa pagpapalalim ng pag-unawa at sa pangmatagalang aplikasyon ng mga kasanayang natutuhan sa maunawang pagbasa ng tula sa Filipino 8. Higit sa lahat, inirerekomenda ang paggamit ng nabuong hulwarang aralin mula sa pag-aaral bilang gabay ng mga guro sa pagtuturo ng maunawang pagbasa gamit ang *Annotation Strategy*. Ang nasabing hulwarang aralin ay maaaring magsilbing kongkretong modelo ng integrasyon ng teknolohiya sa kasanayan sa pagbasa at pag-unawa at maaari pang paunlarin at iangkop sa iba’t ibang konteksto ng paaralan upang higit na mapahusay ang kalidad ng pagtuturo at pagkatuto.

Para sa mga susunod na mananaliksik, inirerekomenda ang pagsasagawa ng mga pag-aaral na magpapalawak sa saklaw ng kasalukuyang pananaliksik. Maaaring suriin ang bisa ng *Annotation Strategy* sa pagtuturo ng iba pang kasanayan sa pagbasa tulad ng kritikal na pagbasa, *inferential* na pag-unawa, pagsusuri ng tema at simbolismo, at pagbuo ng sariling interpretasyon. Maaari ring ihambing ang bisa ng *Annotation Strategy* sa iba pang estratehiya sa pagbasa, gaya ng *Think-Aloud, Reciprocal Teaching, SQ3R,* o iba pang estratehiyang metakognitibo, upang matukoy kung alin ang higit na nakatutulong sa iba't ibang kasanayan sa pagbasa. Higit pa rito, maaaring gumamit ng *mixed-method* o kwalitatibong pamamaraan upang higit na maipaliwanag kung bakit at paano nakatutulong ang *annotation strategy* sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa maunawang pagbasa ng tula. Ang mga pag-aaral na ito ay inaasahang makapagbibigay ng mas malalim na pag-unawa at karagdagang ebidensiya sa paggamit ng teknolohiya bilang suporta sa pagtuturo at pagkatuto ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa.

AI Use Disclosure **-** Sa proseso ng paghahanda gumamit ang mananaliksik ng ChatGPT (OpenAI) isang artipisyal na intelihensya bilang pantulong na kagamitan sa pagrebisa ng pananaliksik na pinamagatang *“Annotation Strategy* sa Maunawang Pagbasa ng Tula sa Filipino 8.” Nakatulong ito sa pagwawasto ng gramatika, pagpapahusay ng akademikong pagpapahayag, at pagsasaayos ng mga pangungusap batay sa mga mungkahi ng mga tagasuri matapos ang oral defense. Gayunpaman, ang pagsusuri at interpretasyon ng datos, pagbuo ng mga kongklusyon at rekomendasyon, at pagpapatibay sa kabuuang nilalaman ng pananaliksik ay nanatiling pananagutan ng mananaliksik. Ang lahat ng mungkahi ng AI ay sinuri at pinagtibay bago isinama sa pinal na bersiyon ng pag-aaral.

5. Mga Sanggunian

Aclinen, Z. M., & Olesio, M. (2023). Antas ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Grade 8. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 3*(12), 319–345. https://doi.org/10.47760/cognizance.2023.v03i12.024

Bartolo, M., et al. (2020). Beat the AI: Investigating adversarial human annotation for reading comprehension. arXiv. https://arxiv.org/abs/2002.00293

Bogaerds-Hazenberg, S. T. M., Droop, M., & Van Steensel, R. (2026). Still too close to call: A literature review on close reading interventions and their effects on reading outcomes in Grades 3–9. Reading Psychology. https://doi.org/10.1080/02702711.2026.2644958

Campbell, D. T., & Stanley, J. C. (1963). *Experimental and quasi-experimental designs for research*. Houghton Mifflin Company.

Chen, C.-M., & Huang, S.-H. (2014). Web-based reading annotation system with an attention-based self-regulated learning mechanism for promoting reading performance. *British Journal of Educational Technology, 45*(5), 959–980. https://doi.org/10.1111/bjet.12119

Department of Education. (2019). Policy guidelines on the K to 12 Basic Education Program (DepEd Order No. 021, s. 2019). https://www.deped.gov.ph/2019/08/22/do-021-s-2019-policy- guidelines-on-the-k-to-12-basic-educatiom-program/

Elleman, A. M., & Oslund, E. L. (2023). Reading comprehension research: Implications for practice. Policy Insights from the Behavioral and Brain Sciences, 10(1), 3–11. https://doi.org/10.1177/23727322221138139

Fisher, D., & Frey, N. (2020). The skill, will, and thrill of comprehending content area texts. The Reading Teacher, 73(6), 819–824. https://doi.org/10.1002/trtr.1897

Flavell, J. H. (1979). Metacognition and cognitive monitoring: A new area of cognitive-developmental inquiry. *American Psychologist, 34*(10), 906–911. https://doi.org/10.1037/0003-066X.34.10.906

Mahusay, M. G., et a l. (2024). *Improving the Pupil's Reading* Comprehension Using PQ4R and Annotations: Instructional Tool. Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal.

Mardiah, R., Melati, Ulfiati, L., & Safitri, N. T. (2025). Feedback on reading and writing: Exploring students' experience and preferences. *JOALL (Journal of Applied Linguistics and Literature), 10*(2), 495–514. https://doi.org/10.33369/joall.v10i2.38471

McLaughlin, M., & DeVoogd, G. (2020). *Critical Literacy: Enhancing Students' Comprehension of Text*. Scholastic.

Novak, E., Razzouk, R., & Johnson, T. (2018). The educational use of social annotation tools in higher education: A literature review. The Internet and Higher Education, 38, 45–54. https://doi.org/10.1016/j.iheduc.2018.04.002

Noval, R. C. (2024). Pagpapalakas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa sekundarya sa harapang pagtuturo: Mga salaysay ng mga guro sa Filipino. https://doi.org/10.5281/zenodo.11487491

Organisation for Economic Co-operation and Development. (2023). *PISA 2022 results (Volume I and II): Country notes – Philippines*. https://www.oecd.org/en/publications/pisa-2022-results-volume-i-and-ii-country-notes_ed6fbcc5-en/philippines_a0882a2d-en.html

Rafanan, E., & Raymundo, J. (2024). Interactive Reading Strategies and Reading Comprehension among Junior High School Learners. Philippine Social Science Journal.

Rasinski, T. V., Yates, R., Foerg, K., Greene, K., Paige, D., Young, C., & Rupley, W. (2020). Impact of classroom-based fluency instruction on grade one students in an urban elementary school. *Education Sciences, 10*(9), Article 227. https://doi.org/10.3390/educsci10090227

Sanchez, M. A. Y. (2024). Beyond the yellow highlighter: Effectiveness of using annotating text strategies to improve reading comprehension. Department of Education, Schools Division of San Jose City. https://region3.dedped.gov.ph/sanjose/beyond-the-yellow-highlighter-effectiveness-of-using-annotating-text-strategies-to-improve-reading-comprehension/

Sun, Y., Wang, F., & Xie, Y. (2021). The relationship between reading strategy and reading comprehension: A meta-analysis. Frontiers in Psychology, 12, 635289. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2021.635289